

Pagsusuri sa mga Paraan ng Pagbabaybay ng mga Piling Tabloid sa Filipino

Jay-Mar Luza

Bulacan State University

ABSTRAK

Isa sa mga batayang kahingian ng estandardisasyon ng Filipino ang pagbabaybay. Mahalaga ito upang malinang ang angkop na paggamit sa pambansang wika sa lahat ng uri ng komunikasyon tungo sa layunin ng intelektuwalisasyon. Malaking bahagi ng komunikasyong pambansa ang midya, lalo na ang mga pahayagan kung pasulat na komunikasyon ang pag-uusapan. Nakatuon ang pag-aaral sa pagsusuri sa pagbabaybay sa Filipino sa pagsulat ng balita sa mga piling tabloid. Sinuri ang 60 balita mula sa anim (6) na tabloid batay sa mga tuntuning nakapaloob sa Manwal sa Masinop na Pagsulat (MMP) ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) sa pamamagitan ng kowding analisis at konteksto ng patakaran sa editing ng mga pahayagan. Mula dito, napag-alaman ng pag-aaral na halos lahat ng mga korpus na ginagamit sa tabloid ay naaayon sa tuntuning inirekomenda ng MMP ng KWF liban sa ilang tuntunin sa kumpol-katinig (consonant cluster); pagpapalit ng E sa I, at O sa U; at paggamit ng gitling. Gayundin, mahalagang konsiderasyon sa pagbabaybay ang inaasahang katangian ng mambabasa at pasya ng editor sa pagsunod sa mga tuntunging pangwika.

Mga Susing Salita: *Tabloid, balita, korpus, kowding, Filipino, MMP, pagbabaybay*

Kahalagahan ng Wastong Baybay sa Filipino sa Midya

Malakas na impluwensiya ang mass media sa iba't ibang aspekto ng buhay ng tao lalo na sa pamilya, komunidad, relihiyon o paniniwala, at edukasyon (Tuazon). Daluyan ito ng pagpapabatid sa madla ng mga publikong impormasyong dapat nilang malaman. Sa pasulat na komunikasyon, isa sa epektibong daluyan ang mga babasahin o publikasyon— gaya ng mga diyaryo. Bago pa nakilala ang telebisyon at radyo, naging pangunahing daluyan sa pagbibigay impormasyon sa madla ang diyaryo. Ito ang nagsisilbing mata sa mga nangyayari sa loob ng lipunan. Hanggang sa kasalukuyan, kahit pa laganap na ang iba't ibang anyo ng pagbibigay ng impormasyon, nanatiling episyente ang diyaryo dahil sa dami ng tumatangkilik dito partikular habang nag-aantay sa pampublikong lugar o nasa pampublikong sasakyan, habang umiinom ng kape sa opisina at parke, at mga sa iba pang lugar (Danesi 71). Hindi maitatatawa ang impluwensiyang dulot ng diyaryo sa madla bunga ng pagiging bahagi nito sa pang-araw-araw na buhay sa pagbibigay ng lokal, pambansa o kahit pandaigdigang balita sa mga mambabasa (Pandey). Mahalagang salik din ang diyaryo sa pagpapatupad at pagpapabatid ng mga polisiya at patakaran ng pamahalaan (Onwubiko). Ito rin ang nagsisilbing sanggunian at batayan ng pang-araw-araw na balita para sa ganap na kamalayan ng mga pangkaraniwang mamamayan, mga kawani, at mga mag-aaral.

Kalimitang natutukoy sa dalawang kategorya ang diyaryo—*broadsheet at tabloid*. Bagaman magkaparehong nagbibigay ng impormasyon sa publiko, mayroon naman itong katangian at anyo na malayo sa isa't isa. Mas malaki ang sukat ng broadsheet kaysa tabloid. Mas seryoso rin ang mga balita sa broadsheet. Sa Pilipinas, magkaiba rin ang dalawang ito dahil sa wika. Ingles ang midyum ng pagbabalita sa broadsheet samantalang Filipino naman sa tabloid. Kaya, itinuturing na “pahayagan para sa masa” ang tabloid dahil sa wikang taglay nito. Higit na mas marami ang sirkulasyon ng broadsheet kompara tabloid bagaman hindi maitatangi na mas huli ng tabloid ang panlasa nang mas nakararaming Filipino (Florendo et al. 1).

Mahalaga ang papel ng wika sa peryodismo. Lahat ng impormasyon at detalyeng nakapaloob sa peryodiko ay naipapabatid sa pamamagitan ng wika bilang midyum ng pagbabalita (Reah) . Sa pagsulat ng balita, wika ang instrumento ng pagkukuwento, pagbabahagi ng opinyon sa ibang tao. Wika ang tulay upang makipag-ugnayan at tumanggap ng mensahe. Mahalaga ang tamang pagpili at paggamit ng mga salita hindi lamang sa kahulugan ng mensahe kung hindi maging sa pagkilala ng taong direktang tumanggap sa salita o pahayag. Kailangan ng maingat na paggamit ng mga salita sapagkat nakakaapekto ito hindi lamang sa mensahe kung hindi maging sa pagkatuto at kaalaman ng taong tumanggap ng mensahe, lalong-lalo na sa larang ng midya

dahil iba-iba ang estilo ng mga mamamahayag na maaaring magdulot ng kalituhan at maling paggamit sa mga salita.

Wika ang pangunahing kagamitan ng mga mamamahayag upang maging epektibo ang kanilang balita, artikulo, at editorial. Mahalaga ang papel ng mamamahayag sapagkat kung hindi malinaw at maayos ang paggamit ng wika sa pagsulat ng balita ay tiyak na may epekto ito sa mambabasa sa kung paano gagamitin ang wika at kung paano ito bibigyan ng kahulugan. Inihalintulad ni Virgilio Almario ang magandang pagsulat sa mahuhusay na pagmamaneho—ang manunulat ay tulad din ng isang tsuper na maalam sa pagmamaneho nang sa gayo’y hindi magdulot ng problema o kamalian sa mga mambabasa:

Kung ang magandang pagsulat ay may kaugnayan sa pag-imbento ng higit na mahusay na modelo ng kotse, ang masinop na pagsulat ay may kaugnayan lamang sa wastong pagmamaneho ng kotse. Tulad ng kotse ang wika. Tulad ng wika, hindi basta nagagamit ang kotse. Kailangang maalam ang tsuper sa pagpapaandar ng makina. Kailangang alam niya ang mga bahagi ng kotseng ginagamit sa pagmamaneho. Kailangang alam niya ang mga batas sa pagmamaneho upang hindi mabangga, makasagasa, o maaksidente. At upang hindi mahúli ng pulis (o editor?) dahil sa malaki man o munting paglabag sa batas trapiko (Almario 1)

Mataas ang kahingian sa wastong pagsulat sa mga msamamahayag sapagkat tumatatak sa isip ng mga mambabasa ang mga kahulugan at konseptong ginagamit nila. Tuwiran man o hindi, nakapag-aambag sila sa pagpapalaganap ng paggamit ng wika. Kaya, layunin ng pag-aaral na masuri ang paraan ng pagbabaybay sa Filipino ng mga piling tabloid sa kasalukuyan. Upang matupad ito, tatalakayin ng papel ang mga batayang tuntunin ng MMP bilang gabay sa pagbabaybay sa wikang Filipino. Batay dito, susuriin ang mga kalakasan at kahinaan ng pagbabaybay sa Filipino ng mga balitang tabloid na maaaring pagbatayan ng mga mungkahing patakaran at programa sa pagsusulong ng wastong gamit ng Filipino sa mass media.

Paggamit ng Filipino sa Tabloid

Madalas na mali ang baybay o mali ang gamit sa Filipino ng mga mamamahayag sa mga diyaryo, telebisyon, at online sa tabloid batay sa obserbasyon ng Komisyon sa Wikang Filipino noong 2014 (Bueza). Ilan sa halimbawa nito ang pariralang “kung saan” na madalas na ginagamit sa mga police beat. Halimbawa, “natagpuan ang labí ng isang lalaki sa kanto ng Ilang-ilang kung saan siya huling nakita”. Mapapansin sa pangungusap na ginamit ang salitang “kung saan” upang tukuyin ang lugar huling nakita. Bagaman sa mambabasa ay malinaw ang nais ipabatid ng pahayag, ngunit kung susuriing maigi ay mali ang pagkakagamit nito dahil ginagamit lamang ang salitang “kung saan” kung hindi tiyak ang lugar na tinutukoy. Halimbawa, “hindi natin alam kung saang lupalop pinulot ng

ating broadcasters ang kakatuwa nilang gamit ng kung saan” (Kilates). Bukod sa nabanggit na salita, mababasa rin sa tabloid ang mga kadalasang maling ispelang na “iba’t-iba” sa halip na “iba’t iba”; “kumpanya” sa halip na “kompanya”; at marami pang iba. Sa talâ naman na nakalap ng Rappler, may mga palasak na salita na madalas mabasa sa mga tabloid, ilan na sa mga salitang ito ay ang “aspeto” sa halip na “aspekto”; “imahe” sa halip na “imahen” at tamang paggamit ng gitling “-” tulad sa salitang “de kalidad” sa halip na “de-kalidad” at mga salitang mula sa Ingles “i-(english word).” Ilan lamang ito sa maraming salita na mali ang pagkakagamit at may maling ispelang na mababasa sa mga tabloid.

Mahalaga ang masinop na pagsulat lalo na sa larang ng midya dahil kahit ang kapisang pagkakamali sa grammar o sa tamang gamit ng salita, maaaring humantong sa isang masalimuot na sitwasyon (Kilates). Hindi lamang dahil sa mali ang impormasyong inilathad ng mamamahayag kundi mali maging ang paggamit ng salita at ang paraan ng pagpapahayag.

Inilista ni Kilates ang ilang termino sa Filipino na karaniwang ipinagkakamali ng marami. Gaya ng karaniwang paggamit sa midya ng salitang “kagampan” o “kaganapan.” Ayon sa kaniya, mahalagang malaman na ang “kaganapan” ay nangangahulugan ng pagiging ganap o katuparan ng isang bagay o sa Ingles ay *fulfillment*. Ngunit kapansin-pansin ang palagiang paggamit ng mga tagapagbalita sa salitang ito na kung tutuusin ay mas angkop ang salitang “pangyayari.” Itinuring ni Kilates ang nakasanayang paggamit na ito ng mga tagapagbalita bilang katawa-tawang paggamit dahil sa kanilang paniniwala na mas kaakit-akit ang tunog ng salitang ito sa mga tagapakinig.

Sa ulat naman ni Bueza, iniisa-isa niya ang mga terminong Filipino na madalas ipagkakamali ng mga manunulat, mamamahayag, at iba pang media practitioner sa pahayagan, radyo, at telebisyon. Ibinatay ni Bueza ang kaniyang ulat sa mga listahan ng mga maling gamit ng salita sa midya na nabuo ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), ang nag-iisang ahensiya ng pamahalaan na bukod sa awtorisado pagdating sa wikang Filipino at iba pang wika ng Pilipinas ay nagpapalaganap din ng tamang paggamit ng Filipino pagdating sa pagbaybay at grammar sa pamamagitan ng kanilang mga publikasyon at programa. Ilan sa mga nailistang salita ng KWF ay ang sumusunod:

1. “dyaryo” vs. “diyaryo” – nagtataglay ng kambal-patinig na ‘ia’ ang salitang ito sa orihinal nitong anyo sa Español na *diario*. Ayon sa Ortograpiyang Pambansa sa kasong ito ng kambal-patinig, sinisingitan lamang ng ‘y’ ang kambal-patinig na ‘ia’ at dahil wala namang ‘dy’ na klaster sa Filipino, ang tamang baybay nito ay “diyaryo.”

2. “kaganapan” vs. “pangyayari”- karaniwang pagkakamali ng mga mamamahayag ang paggamit “kaganapan” kapag naglalahad ng mga pangyayari o naganap samantalang ang nangangahulugan ito ng pagiging ganap o katuparan ng isang bagay o sa Ingles ay *fulfillment*. Kaya naman ang wastong dapat gamitin dito ay ang salitang “pangyayari.”
3. “sa pagitan ng”- bunga ng “Englishism” o pagsunod sa estruktura ng Ingles na pangungusap ang paggamit ng pariralang ito kapag isinalin na sa Filipino.
4. “aspeto” vs “aspekto”; “imahe” vs “imahen” – mali ang salin na “aspeto” at “imahe.” Mula ang ito sa Español na *aspeto* at *imagen*, ang wastong baybay at salin nito ay “aspekto” at “imahen.”
5. Gitling (-) – wasto ang gamit ng gitling kung ginagamit ito sa pagsasanib ng panlapi at terminong Ingles gaya ng mga salitang “i-ban” (to ban) or “naka-SUV” (riding an SUV).

Samantala, sinimulan ng Sentro ng Wikang Filipino ng Unibersidad ng Pilipinas noong 1994 ang proyektong Bantay-Wika (Language Watch) upang masubaybayan kung paano ginagamit ang wikang pambansa sa buong Pilipinas at kung paano ito umuunlad, partikular sa larang ng midya. Sa proyektong ito, lingguhan ang pagsasagawa ng transkripsiyon ng mga artikulong nasusulat sa Filipino mula sa anim na tabloid na may malawak na sirkulasyon. Bunga nito, nakapagtala ang Bantay-Wika ng marami at magkakaibang ispelang o baybay ng mga terminong Filipino mula sa mga artikulong nasusulat sa Filipino at iba-iba rin ang paraan ng mga baybay sa mga termino gaya ng pagtatanggal ng /u/ sa /uw/ sa salitang *kuwento/kwento*; /o/ vs /u/ sa salitang *kumpanya/kompanya*, at iba pa (Ila, Et al.).

Ayon naman kay Morrow, karamihan sa mga mamamahayag sa Filipino ay gumagamit ng mga salita sa pagsasaayos ng mga artikulo nang hindi man lang sumasangguni sa diksiyonaryo kapag nagtatangka silang gumamit ng wastong salita sa Filipino. Idinagdag pa niya tila nahahirapan silang iwasto ang nakagawiang paggamit ng salitang “kaganapan” kapag ang tinutukoy ay mga pangyayari at hindi naman ang pagiging ganap ng isang bagay.

Idinagdag pa ni Morrow ang hindi pagsang-ayon ng mga lingguwista sa mga mamamahayag, politiko, at kahit sa mga akademiko, kapag gumagamit ng mga salitang hindi matukoy kung sa Español o Ingles nagmula gaya ng mga salitang *siyokoy* gaya ng *aspeto*, *konsernado*, *kontemporaryo*, *dayalogo*, *pesante*, at *prayoridad*.

Pinatutunayan lamang ng mga nabanggit na pag-aaral ang mga kapansin-pansing pagkakamali ng mga mamamahayag sa paggamit ng wikang Filipino. Sa antas

ng pagbabaybay at pagpili ng angkop na salita makikita ang mga itinuturing na pagkakamali ng mga mamamahayag. Sa mga naunang pag-aaral na nabanggit, itinuturing na malaki ang kaugnayan ng paggamit ng wika sa pag-unawa ng mga mambabasa sa impormasyong natatangap nila mula sa midya. Ipinagkaiba lang ng kasalukuyang pag-aaral, mas nakatuon ito sa pagsusuri kung umaayon ang mga paraan ng paggamit ng Filipino ng mga mamamahayag sa tuntuning nakapaloob sa Manwal na Masinop na Pagsulat ng Komisyon sa Wikang Filipino. Dahil isang paraan din ng KWF ang tuntuning nasa MMP sa pagpapalaganap ng estandardisasyon ng wikang Filipino sa lahat ng larang gaya sa akademya, teknolohiya, mass o print media, at iba pa.

Wika at Mass Media

Sa larang ng wika, diskurso, at midya, itinuturing na bukod sa nilalaman ng balita, may malaking epekto sa pang-unawa ng mga mambabasa ang salitang ginagamit ng manunulat. Ayon kay Pisarek (157):

The lexical surface of the language of a journalistic text reflects and at the same time impresses upon a reader a specific image of the world and attitude towards reality.

Sa madaling sabi, sa pagpili ng mga manunulat sa salitang gagamitin ay nagpapasya sila kung paano dapat unawain ng mambabasa ang kanilang inilalahad na impormasyon.

Ayon naman kay Fairclough, batay sa iba't ibang posisyong ideolohikal ang iba't ibang paggamit ng salita (34). Ibig sabihin, nakabatay sa kaalaman at nakagawian ng mamamahayag ang paggamit ng salita. Ipinahayag naman ni Van Dijk na karamihan sa salitang ginagamit sa diyaryo ay itinuturing na "opinion-controlled lexical choices" (81) at malaki ang impluwensiya ng pananaw at ideolohiya ng mamamahayag dito (71).

Samantala, sinusuportahan naman ng obserbasyon ni Fowler ang konsepto nina Fairclough at Van Dijk hinggil sa usapin ng ugnayan ng wika at ideolohiya. Ayon sa kaniya madalas na nakabatay sa isang partikular na ideolohiya at pananaw ang mga inilalahad na impormasyon sa mga diyaryo (66). Idinagdag pa niya na anumang mga nailahad sa paraang pasalita man o pasulat ay ipinahahayag batay sa isang partikular na posisyong ideolohikal. Dahil dito, hindi nagiging daan ang wikang ginagamit upang magkapagbigay-linaw sa ipinahahayag bagkus nagdudulot ito ng paglihis sa pamilyaridad ng pagbabaybay.

Samakatwid, masasabing mahalaga ang "paraan ng paglalahad." Katumbas nito ang halaga ng kung "ano ang inilalahad" dahil sa mga elementong panlingguwistikang nakakabit sa mga salitang ginagamit. Sa kabilang banda, binigyang-diin rin ni Fowler na

nagiging natural (hindi intensiyonal) ang proseso ng pagpili sa mga salitang gagamitin sa pagpapahayag dulot ng mga umiiral na pananaw o ideolohiya ng mga mamamahayag o manunulat sa pagbabalita, habang ang mga mambabasa at tagapakinig ay pasibong natatanggap at ginagamit ang mga salita at impormasyon. Dahil dito, itinuring niyang makabuluhang konsepto ang pagsasaalang-alang sa kayarian at elementong panlingguwistika ng mga salitang ginagamit sa paglalahad.

Binigyang-diin ng mga nabanggit na pag-aaral na ang paraan ng paggamit ng wika sa midya ay nakaapekto sa esensiya ng balitang inilalahad, pang-unawa ng mga mambabasa, at sa estandardisasyon ng mismong wikang ginagamit. Nakaapekto ang estilo sa paggamit ng wika sa elemento ng kuwento lalo na sa pagtukoy sa iba't ibang emosyon tulad ng tuwa, lungkot, pagkagulat, at takot (Bird 527).

Tumutukoy ang estilo sa mga pagpili ng manunulat mula sa kaniyang tungkulin sa pamamahayag hanggang sa wikang kaniyang ginagamit (Broersma xiii). Sa obserbasyon ni Doplón, naglilipat-wika o code switching mula sa Filipino patungong Ingles ang karamihan sa mga mamamahayag dulot ng mga salik na makrolingguwistiko. At panghuli, sa aspekto naman ng estandardisasyon ng wikang ginagamit ng midya, marami sa mga lokal na pag-aaral ang nagpapatunay malaki ang impluwensiya ng pahayagan sa baybay o ispelang ng mga salitang Filipino, ngunit nakakalungkot sapagkat marami sa kanila at madalas pa nga'y midya mismo ang nakikita sa maling paggamit ng mga ito.

Talaban ng midya at mambabasa

Sa mga nailahad na ribyu ng mga pag-aaral sa wika at media, malinaw ang relasyon ng tabloid sa mga mambabasa. Masalimuot ang papel ng midya sa paghubog ng mga kasanayang pangwika ng mga mambabasa lalo na sa pagsulat o pagbabaybay ng mga salita sa Filipino. Kung noon malaking porsiyento ng mga mambabasa ng tabloid ay mula sa hanay ng mga karaniwang mamamayan tulad ng drayber at pasahero ng jip, mga tindera, at mga manggagawa na walang nang oras upang makapanood at makapakinig ng balita sa radio at telebisyon, ngayon ay nasasaklaw o naaabot na ng tabloid ang lahat ng antas ng mambabasa, bata, matanda, nagtatrabaho man o mag-aaral. Dahil laganap na akses sa teknolohiyang digital ang halos lahat tulad ng mga babasahin. Ang social media ang pangunahing daluyang ginagamit ng mga tabloid sa pagbabalita at pag-abot sa mga mambabasa. May kaniya-kaniyang website at social media page ang mga tabloid na hindi lamang nagsisilbing tsanel kundi maging repositoryo ng mga balita. Dahil mabilis at malawak ang saklaw ng paghahatid ng balita ng mga tabloid sa mga mambabasa, mabilis din ang pagpapalaganap at pamilyaridad sa mga baybay na ginagamit dito. Lyon

nga lang hindi na nasasala ng mambabasa kung alin ang wasto o hindi wasto ang baybay sa Filipino.

Sa karanasan ng mananaliksik bilang guro ng akademikong Filipino, maraming mag-aaral ang hindi angkop ang paraan ng pagbabay batay sa umiiral na tuntunin o ortograpiyang pambansa. Malaking bahagi ng kanilang pamilyaridad sa pagsulat o pagbabaybay sa Filipino ay nagmumula sa kanilang karanasan sa pagbabasa at panonood sa telebisyon at social media.

Metodo

Pokus ng pag-aaral pagsusuri sa 60 balita mula sa anim (6) tabloid na may malalaking sirkulasyon sa bansa—ang *Remate*, *Pang-Masa*, *Bandera*, *Pilipino Star Ngayon*, *Pilipino Mirror*, at *Balita* na inilathala noong 2017-2018. Bukod sa sirkulasyon, isinaalang-alang din ang dahilan na regular ding nakakadalo ang mga kinatawan (editor at manunulat) ng mga pahayagang ito sa mga seminar-palihan ng Komisyon sa Wikang Filipino hinggil sa wikang Filipino. Ito ay upang malaman kung ang praktika sa pagsulat sa mga tabloid ay sang-ayon o hindi sa tuntunin ng MMP ng KWF sa kabila ng kanilang eksposyur sa ortograpiyang pambansa.

Kalitatibo at kantitatibong dulong ang ginamit upang masuri ang mga korpus na nakalap mula sa 60 balita sa mga piniling pahayag pati na sa panayam sa mga mamamahayag. Estructuralismo at Pormalismong pananaw ni Roman Jakobson ang ginamit na kritisismo na ang pangunahing tuon ay ang pagsusuri sa estruktura ng isang teksto.

Gumamit din ang mananaliksik ang paraan ng kowding para sa pagtukoy sa mga kategori, at pagbuo ng konsepto: ito ang *open coding*, *axial coding*, at *selective coding* (Strauss & Corbin, 13–15).

Ginamit ang *open coding* sa pagsusuri sa bawat pangungusap ng balita. upang masuri ang praktika ng pagsulat ng mga mamamahayag. Tumutukoy naman ang *axial coding* sa pagtukoy sa “aksis” o punto ng pagtatagpo ng mga kategori. Mula sa mga aksis, nabuo ng mananaliksik ang mga konsepto (Bohm, 2004). Panghuli, ginawa ang *selective coding* sa pagtukoy sa pinakapangunahing paksa. Mula sa mga pagsusuring ito, maihananay ang mga paraan ng pagbabaybay sa Filipino sa pagsulat ng balita sa tabloid. Pagsusuri naman ng mga datos na makukuha mula sa pakikipanayam sa mga mamamahayag, gagamitin pa rin ng mananaliksik ang proseso ng *coding*.




Figura blg. 2. Proceso ng Coding batay sa modelo ni Saldaña (2009)

Sinuri ang mga balita batay sa mga tuntunin nakalahad sa *Manwal sa Masinop na Pagsulat* (MMP) ng KWF. Mula sa labing pitong (17) tuntunin sa pagbaybay at pagsulat sa wikang Filipino na nakapaloob sa gabay, sampung tuntunin ang isinaalang-alang sa pagsusuri ng praktika ng mga manunulat sa tabloid sapagkat ito lamang ang mga tuntunin na angkop sa pagsusuri ng paraan ng pagbabaybay sa Filipino. Ang sumusunod ang mga tuntuning gagamitin sa pagsusuri:

1. Pagbaybay na Pasulat
2. Kasong Kambal-Patinig.
3. Kambal-Katinig at Digrapong SK, ST, SH, KT.
4. Palitang E/I at O/U.
5. “ng” at “nang”
6. Wastong Gamit ng Gitling
7. Bantas
8. Bilang
9. Daglat, Inisyals, at Akronim
10. Mga Pangalan at Katawagan

Presentasyon ng Datos:

Makikita sa bahaging ito ang kowding sa mga balita sa tabloid at ang kowds o binaybay na salita sa Filipino ng mga tabloid mula sa isinagawang kowding.

Talahanayan 1: Paraan ng pagbabaybay sa Filipino ng tabloid na *Bandera*

Kategorya (Mga Tuntunin)	Tama	Mali
1: Pagbaybay na Pasulat	Kowd 4: idispley	
2: Kasong Kambal-Patinig	Kowd 1: miyembro Kowd 13: kontrobersiyal Kowd 22: kontrobersiyang Kowd 23: ahensiyang Kowd 24: puwestong Kowd 25: Biyernes	Kowd 8: kustodiya
4: Palitang E/I at O/U	Kowd 3: politiko Kowd 12: kumpiyansa Kowd 19: kapaskuhan	
5: “ng” at “nang”	Kowd 5: bawal nang idispley Kowd 10: nang marinig	
6: Wastong Gamit ng Gitling	Kowd 3: nag-suicide Kowd 7: may-ari Kowd 11: naka-bonnet Kowd 16: pa-Japan	
7: Mga Bantas		Kowd 15: the people Kowd 20: (Lunes). —Bella Cariaso Kowd 18: ambisyon. —Bella Cariaso
8: Mga Bilang	Kowd 9: alas-10	
9 at 10: Daglat, Inisyals, at Akronim at Mga Pangalan at Katawagan	Kowd 2: Presidential Security Group (PSG)	Kowd 21: chief Nicanor Faeldon Kowd 14: Charter change

Nakapagtalâ ng 25 kowd sa pagsusuri ng *Bandera*. 19 kowd o 76% ng kabuoang kowd ang nakasunod sa tuntunin habang anim (6) na kowd o 24% ng kabuoang kowd ang mali o hindi nakasunod sa tuntunin ng MMP. Kabilang sa mga maling baybay ang:

- o “kustodiya” na dapat ay “kustodya”;
- o paggamit ng gatlang em na dapat ay walang espasyo mula sa sinundang pangungusap;
- o paggamit ng dalawang tuldok para sa elipsis na dapat ay tatlong tuldok; at
- o ang pagsulat ng pangngalang pantangi na “Charter change” at “chief Nicanor Faeldon” na dapat ay nasa malaking titik din ang “change” at “chief”

Talahanayan 2: Paraan ng pagbabaybay sa Filipino ng tabloid na *Balita*

Kategorya (Mga Tuntunin)	Tama	Mali
1: Pagbaybay na Pasulat	Kowd 40: nakorner	
2: Kasong Kambal-Patinig	Kowd 10: biyahe Kowd 17: Huwag Kowd 22: eleksiyon Kowd 37: puwersahang Kowd 44: miyembro	
3: Kambal-kating at Digrapong SK, ST, SH, KT	Kowd 21: suspek Kowd 27: suspek Kowd 32: suspek Kowd 45: suspek Kowd 46: suspek	

4: Palitang E/I at O/U	Kowd 3: kakabaihan Kowd 8: kababaihan Kowd 23: botohan Kowd 25: atakehin Kowd 38: hinintuang	Kowd 6: istasyon Kowd 39: istasyon
5: “ng” at “nang”	Kowd 11: nang inihayag Kowd 24: nang biglang Kowd 26: nang tambangan Kowd 29: nang marinig	
6: Wastong Gamit ng Gitling	Kowd 7: maka-avail Kowd 33: ipa-ban Kowd 34: Pinag-aaralan Kowd 36: i-ban Kowd 42: pang-aabuso Kowd 43: nag-aabang Kowd 48: kamag-anak	Kowd 28: 27-anyos Kowd 41: 20-anyos Kowd 47: 3-anyos
8: Mga Bilang	Kowd 5: 20 Kowd 14: 42	
9 at 10: Daglat, Inisyals, at Akronim at Mga Pangalan at Katawagan	Kowd 1: Women Disability Month Kowd 2: Light Rail Transit (LRT) Kowd 4: Light Rail Manila Corporation (LRMC) Kowd 13: Manila Traffic and Parking Bureau (MTPB) Kowd 15: Food and Drugs Administration (FDA) Kowd 18: Special Weapon and Tactics (SWAT) Kowd 19: Explosive and Ordinance Division (EOD) Kowd 20: District Special Operational Unit (DSOU) Kowd 35: Philippine National Railways (PNR)	

Nakapagtalâ ng 48 kowd sa pagsusuri ng *Balita*. 43 kowd o 90% ng kabuoang kowd ang nakasunod sa tuntunin habang lima (5) na kowd o 10% ng kabuoang kowd ang mali o hindi nakasunod sa tuntunin ng MMP. Kabilang sa mga maling baybay ang pagsulat ng “istasyon” na dapat ay “estasyon” at paggamit ng gitling sa “20-anyos” na dapat ay walang gitling.

Talahanayan 3: Paraan ng pagbabaybay sa Filipino ng tabloid na *Pang-Masa*

Kategorya (Mga Tuntunin)	Tama	Mali
1: Pagbaybay na Pasulat	Kowd 4: sachet Kowd 37: narekober Kowd 38: tserman Kowd 52: otoridad Kowd 56: narekober Kowd 64: kritikal Kowd 65: kondisyon	Kowd 57: iligal Kowd 79: hinostage
2: Kasong Kambal-Patinig	Kowd 17: paksyon Kowd 67: puwesto Kowd 71: piyesta Kowd 76: engkuwentro Kowd 87: puwersahang	Kowd 17: paksyon Kowd 89: direksyon
3: Kambal-kating at Digrapong SK, ST, SH, KT	Kowd 2: suspek Kowd 27: suspek Kowd 33: suspek Kowd 43: suspek Kowd 90: suspek Kowd 112: suspek	

4: Palitang E/I at O/U	Kowd 55: putukan Kowd 111: duguang	Kowd 34: abug-abog Kowd 54: sunud-sunod Kowd 68: nagpapatrulya Kowd 110: sunud-sunod
5: “ng” at “nang”	Kowd 24: nang sila ay pasukin Kowd 45: nang tumakas Kowd 84: nang umatake	
6: Wastong Gamit ng Gitling	Kowd 12: alas-10:00 ng gabi Kowd 22: mag-asawa Kowd 23: alas-10:30 ng gabi Kowd 26: kaabog-abog Kowd 32: alas-10:00 ng umaga Kowd 35: iba't iba Kowd 42: naka-helmet Kowd 44: sabi-sabi Kowd 53: mag-asawa Kowd 66: alas-8:45 ng gabi Kowd 83: alas-6:05 ng gabi Kowd 92: 6-anyos Kowd 95: alas-9:20 ng umaga Kowd 98: napag-alaman Kowd 109: sabi-sabi	Kowd 1: 34-anyos Kowd 28: 25-anyos Kowd 86: de motor Kowd 104: iba't-ibang
8: Mga Bilang	Kowd 3: dalawa Kowd 16: tatlo Kowd 25: anim na kalalakihan Kowd 36: dalawang mga bata Kowd 39: isang lalaki Kowd 41: tatlong tama ng bala Kowd 48: isang municipal councilor Kowd 49: isang drug raid Kowd 50: 50 Kowd 51: 46 Kowd 58: dalawang short firearms Kowd 59: dalawang katao Kowd 60: 36 ang nasugatan Kowd 77: anim na katao Kowd 85: limang mga armado Kowd 88: 62 Kowd 91: isang 6-anyos	Kowd 5: 7 pinanghinalaang
9 at 10: Daglat, Inisyals, at Akronim at Mga Pangalan at Katawagan	Kowd 6: Bangsamoro Islamic Freedom Fighters (BIFF) Kowd 7: Brgy. Darampua Kowd 8: BIFF Kowd 9: Brig. Gen. Cirilito Sobejana Kowd 11: Lunes Kowd 13: Infantry Division (ID) Kowd 14: Bangsamoro Organic Law (BOL) Kowd 15: Moro Islamic Liberation Front (MILF) Kowd 20: New People's Army (NPA) Kowd 21: Brgy. Sinkatulan, Makilala, North Cotabato Kowd 46: Philippine Drug Enforcement Agency (PDEA) Kowd 61: PNP Chief P/Director General Oscar Albayalde Kowd 62: Mindanao Kowd 63: Infantry Division (ID) Kowd 69: CAFGU Kowd 70: IED Kowd 73: Islamic State of Iraq and Syria (ISIS) Kowd 74: Islamic State (IS)	

	Kowd 72: linggo Kowd 78: cafgu Kowd 80: Brgy. Piacan, Sirawai, Zamboanga del Norte Kowd 81: Police Regional Office (PRO) Kowd 82: Amsid Callun Kowd 94: Lenie Urdon Kowd 96: Kidapawan Medical Specialist Hospital Kowd 97: Cotabato Regional and Medical Center	
--	---	--

Nakapagtalâ ng 112 kowd sa pagsusuri ng *Pang-Masa*. 110 kowd o 89% ng kabuoang kowd ang nakasunod sa tuntunin habang habang 12 na kowd o 11% ng kabuoang kowd ang mali o hindi nakasunod sa tuntunin ng MMP. Kabilang sa mga maling baybay ang:

- pagsulat ng “hinostage” na maaari namang “binihag” (ngunit marahil sasabihin ng mamamahayag na hindi eksakto ang salin na binihag)
- pagsulat ng “otoridad” na dapat ay “awtoridad”
- pagsulat ng “iligal” na dapat ay “ilegal”
- pagsulat ng “paksiyon” at direksyon” na dapat ay “paksiyon” at “direksiyon”
- pagsulat ng ng “sunud-sunod” at “abug-abog” na dapat ay hindi pinapalitang ang O ng U kung inuulit
- pagsulat ng “de motor” na dapat ay ginigitlingan
- pagsulat ng “7 pinaghihinalaang” na dapat ay pabaybay ang halaga dahil mababa sa sampu ang halaga.

Talahanayan 4: Paraan ng pagbabaybay sa Filipino ng tabloid na *Remate*

Kategorya (Mga Tuntunin)	Tama	Mali
1: Pagbaybay na Pasulat	Kowd 20: interes Kowd 22: solusyon Kowd 24: opisyal Kowd 25: leptospirosis Kowd 44: nakorner Kowd 61: record Kowd 75: suplay Kowd 90: status Kowd 91: overstaying Kowd 117: tip	Kowd 21: iligal Kowd 43: dun
2: Kasong Kambal-Patinig	Kowd 10: ekonomiya Kowd 14: presensiya Kowd 28: pasyente Kowd 45: guwardiya	Kowd 6: ideya Kowd 40: kapwa Kowd 55: kapwa
3: Kambal-kating at Digrapong SK, ST, SH, KT	Kowd 38: suspek Kowd 82: suspek	
4: Palitang E/I at O/U	Kowd 33: kumpara Kowd 59: sinumang Kowd 74: bumbero Kowd 92: dayuhan Kowd 103: bumbero	Kowd 19: pulitiko Kowd 56: kabuuang Kowd 103:

	Kowd 106: kabuuang	bumbero Kowd 106: kabuuang
5: “ng” at “nang”	Kowd 42: nang makuha Kowd 69: nang magsimula	
6: Wastong Gamit ng Giting	Kowd 4: pangha-harass Kowd 17: Manila, Philippines – Non partisan Kowd 23: pag-asa Kowd 47: itinurn-over Kowd 50: pakalat-kalat kowd 58: sunod-sunod Kowd 60: isa-isa Kowd 64: ari-arian Kowd 68: alas-10 ng gabi Kowd 77: alas 12 ng madaling araw Kowd 85: Nag-ugat Kowd 94: mag-apply Kowd 115: naka-consign	Kowd 13: tina target Kowd 17: Manila, Philippines -Non partisan kowd 57: menor de edad Kowd 26: Manila, Philippines – Lalo Kowd 34: Paco, Manila – Patay Kowd 49: Manila, Philippines – Patuloy Kowd 65: Sta. Cruz, Manila – Tinatayang Kowd 79: Cavite – Nasagip Kowd 81: menor de edad Kowd 88: Pasay – Ikinulong Kowd 99: Manila, Philippines – Natupok Kowd 109: Manila, Philippines – Nasabat
8: Mga Bilang	Kowd 8: 617 na insidente Kowd 27: dalawang ospital Kowd 37: 20 anyos Kowd 41: dalawa Kowd 48: 60 tambay Kowd 46: ikalawang palapag Kowd 62: tatlong lalaki Kowd 63: P150 daang libong ari-arian Kowd 66: isang residential Kowd 70: 15 bahay Kowd 71: 50 pamilya Kowd 73: ikatlong alarma Kowd 76: 12:12 na ng madaling araw Kowd 78: 17 na babae Kowd 87: 34 Chinese national Kowd 96: 34 dayuhan Kowd 100: isang commercial building Kowd 102: ikatlong alarma Kowd 104: pitong oras Kowd 108: P12M smuggled sibuyas	
9 at 10: Daglat, Inisyals, at Akronim at Mga Pangalan at Katawagan	Kowd 1: Duterte Kowd 2: Armed Forces of the Philippines Spokesman Major General Restituto Padilla Kowd 3: Rodrigo Roa Duterte Kowd 7: AFP Kowd 11: Islamic State of Iraq and Syria-Maute Kowd 12: ISIS-Maute Kowd 15: Abu Sayyaf Group Kowd 16: Basilan at Sulu Kowd 18: Sanggunian Kabataan (SK) Kowd 29: San Lazaro Hospital Kowd 31: Jose Reyes Memorial Medical Center (JRMCMC) Kowd 32: Department of Health (DOH) Kowd 36: Philippine General Hospital (PGH) Kowd 67: Sta. Cruz, Maynila	Kowd 52: pangulong Rodrigo Duterte Kowd 4: new people’s army (NPA)

	Kowd 72: Bureau of Fire Protection (BFP) Kowd 80: National Bureau of Investigation Kowd 83: Ruel F. Lucas Kowd 84: Glenda S. Shammary Kowd 89: Bureau of Immigration (BI) Kowd 95: Department of Labor and Employment (DOLE)	
	Kowd 98: Recto Kowd 101: Bureau of Fire Protection Kowd 105: BFP Kowd 110: Bureau of Custom (BOC) Kowd 111: Manila International Container Port (MICP) Kowd 112: Xray Inspection Project (XIP) Kowd 113: China Kowd 116: ASD	

Nakapagtalâ ng 117 kowd sa pagsusuri ng *Remate*. 94 kowd o 80% ng kabuoang kowd ang nakasunod sa tuntunin habang 23 kowd o 20% ng kabuoang kowd ang mali o hindi nakasunod sa tuntunin ng sa tuntunin ng MMP. Kabilang sa mga maling baybay ang:

- Pagbaybay ng “kabuoang” sa halip na “kabuoang” dahil hindi binabago ang O sa U sa mga magkatabing UO sa loob ng salita
- Pagpapalit ng O sa U kahit walang nagbago na katinig sa loob ng salita gaya ng ginawa sa “kumpara” at “bumbero” na dapat ay “kompara” at “bombero”
- Hindi paglalagay ng gitling sa “de edad” na dapat ay “menor de edad”
- Paggamit ng gatlang en sa halip na gatlang em sa mga bahagi ng balita gaya ng “Manila, Philippines – Nasabat”
- Pagsulat ng pangulong Roa Duterte sa maliit na letra sa halip na sa malaking letra ang “pangulo”
- Pagsulat sa malilit na letra sa inisyal ng new people’s army sa halip na sa malalaking letra

Talahanayan 5: Paraan ng pagbabaybay sa Filipino ng tabloid na *Pilipino Star Ngayon*

Kategorya (Mga Tuntunin)	Tama	Mali
1: Pagbaybay na Pasulat	Kowd 11: target Kowd 22: ireport Kowd 37: distribusyon Kowd 44: posisyon Kowd 51: lider Kowd 57: operasyon Kowd 69: ilegal Kowd 79: desisyon	Kowd 14: particular Kowd 35: ganun Kowd 32: imahe
2: Kasong Kambal-Patinig	Kowd 36: giyera Kowd 71: puwesto Kowd 80: puwesto	Kowd 68: korapsyon Kowd 74: kontrobersyal
4: Palitang E/I at O/U	Kowd 7: arestuhin Kowd 70: kalokohan	
6: Wastong Gamit ng Gitling	Kowd 23: kahina-hinalang Kowd 30: ika-17 taong Kowd 33: kamag-anak Kowd 36: i-ban	Kowd 28: menor de edad Kowd 41: 20-anyos Kowd 47: 3-anyos Kowd 38: iba’t-ibang

	<p>Kowd 42: pang-aabuso Kowd 43: nag-aabang Kowd 48: kamag-anak Kowd 39: ika-20 Kowd 45: mag-appoint Kowd 49: ika-148 Kowd 76: pag-aaway Kowd 77: mag-ama</p>	
7: Mga Bantas	<p>Kowd 16: Palasyo: Kowd 17: 'Terorismo' Kowd 25: Digong: Kowd 48: na—Digong Kowd 50: 'liberated' Kowd 64: sisibakin—Digong</p>	
8: Mga Bilang	<p>Kowd 20: Dalawang tao at anim na iba pa Kowd 58: 30 Maute-ISIS Kowd: 20 hostages Kowd 60: 826 Maute Kowd 61: 162 ang nagbuwis Kowd 62: 47 ang namatay Kowd 65: 90 miyembro Kowd 67: tatlong may ranggong</p>	
9 at 10: Daglat, Inisyals, at Akronim at Mga Pangalan at Katawagan	<p>Kowd 1: National Bureau of Investigation (NBI) Kowd 2: Philippine National Police (PNP) Kowd 3: Philippine Association of Water Districts (PAWD) Kowd 4: NBI Kowd 5: AFP Kowd 6: PDEA Kowd 8: PNP Chief Ronal dela Rosa Kowd 9: Pangulong Rodrigo Duterte Kowd 10: News People's Army (NPA) Kowd 12: Philippine National Police (PNP) Kowd 13: National Bureau of Investigation (NBI) Kowd 15: Small Town Lottery (STL) Kowd 18: Malacañang Kowd 19: Quiapo, Maynila Kowd 21: Presidential Spokesman Ernesto Abella Kowd 24: National Capital Region Police (NCRPO) Kowd 26: Pangulong Rodrigo Duterte Kowd 27: Philippine National Police (PNP) Kowd 29: Carl Angelo Arnaiz Kowd 31: Araw ng Digos Kowd 34: Philippine National Police (PNP) Kowd 40: Philippine International Convention Center (PICC) Kowd 41: Bgy., SK Kowd 42: Sangguniang Kabataan (SK) Kowd 43: Lunes Kowd 44: SK elections Kowd 54: Maranao Kowd 55: AFP Chief Gen. Eduardo Año Kowd 66: Philippine National Police (PNP) Kowd 72: Davao City Vice Mayor Paolo Duterte Kowd 75: Bureau of Customs (BOC).</p>	Kowd 52: south-east Asia

Nakapagtalâ ng 81 kowd sa pagsusuri ng *Pilipino Star Ngayon*. 71 kowd o 88% ng kabuoang kowd ang nakasunod sa tuntunin habang habang 12 na kowd o 11% ng kabuoang kowd ang mali o hindi nakasunod sa tuntunin ng MMP. Kabilang sa mga maling baybay ang:

- Paggamit ng “imahe” sa halip na “imahen”
- Pagbaybay ng “kontrobersyal” at “korapsyon” sa halip na “kontrobersiyal” at “korapsiyon”
- Pagbaybay ng “ganun” sa halip na “ganoon”
- Paggamit ng gitling sa “iba’t-ibang” na dapat ay wala nang gitling
- Hindi paglalagay ng gitling sa “de edad” na dapat ay “menor de-edad”

Talahanayan 6: Paraan ng pagbabaybay sa Filipino ng tabloid na *Pilipino Mirror*

Kategorya (Mga Tuntunin)	Tama	Mali
1: Pagbaybay na Pasulat	Kowd 23: posible Kowd 70: partikular Kowd 74: kanser	
2: Kasong Kambal-Patinig	Kowd 8: hustisya Kowd 9: miyembro Kowd 20: transaksyon Kowd 22: Kinuwestiyon Kowd 33: nagmamatiyag Kowd 36: makipag-giyera Kowd 39: modernisasyon Kowd 40: benepisyo Kowd 41: suweldo Kowd 59: presyo Kowd63: ahensiyang Kowd 79: deklarasyon Kowd 80: adbokasiya Kowd 91: suweldo	Kowd 35: Ininspeksyon Kowd 51: inanunsyo Kowd 61: aksyon Kowd 64: hurisdiksyon Kowd 65: pag-aksyon
3: Kambal-katinig at Digrapong SK, ST, SH, KT	Kowd 27: suspek	
4: Palitang E/I at O/U	Kowd 30: tauhan Kowd 38: polisiya Kowd 60: arestuhin	Kowd 5: emosyunal Kowd 44: kumpara Kowd 92: kumpara
6: Wastong Gamit ng Gitling	Kowd 6: mag-alas-2:00 ng hapon Kowd 11: araw-araw Kowd 17: isu-surveillance Kowd 24: kidnap-for-ransom Kowd 31: nagte-text Kowd 32: nag-iikot Kowd 43: inire-release Kowd 52: i-appoint Kowd 45: nai-allot Kowd 46: nai-assign Kowd 47: ipinag-utos Kowd 66: pag-habol Kowd 69: nagsama-sama Kowd 71: iba'tiba Kowd 72: ala-6 ng umaga Kowd 75: naka-confine Kowd 89: mag-prepare	Kowd 10: 22-anyos Kowd 26: pag-patay
7: Mga Bantas	Kowd 12: “Justice for Atio” Kowd 56: “There are several candidates for that, one is [Lieutenant General Benjamin] Madrigal of EastMinCom (Eastern Mindanao Command), [Lieutenant General Carlito] Galvez of	


	<p>WetMinCom (Western Mindanao Command), both, they are the strongest candidates there,”</p> <p>Kowd 77: “Together we will build the future of our nation, every donation/ money made by the riders goes to a child suffering from cancer, ride with me and fight for their life,”</p> <p>Kowd 90: ‘yung mga tao</p>	
8: Mga Bilang	<p>Kowd 1: sampung araw</p> <p>Kowd 15: 09 November 2017</p> <p>Kowd 42: 100%</p> <p>Kowd 48: 281 graduates</p> <p>Kowd 55: tatlo ang pinangalanan</p> <p>Kowd 67: 800 motor riders</p> <p>Kowd 81: tatlo ang namatay</p> <p>Kowd 82: 1,947 cases</p> <p>Kowd 83: 16 deaths</p> <p>Kowd 84: 1,000 pinoy</p>	
9 at 10: Daglat, Inisyals, at Akronim at Mga Pangalan at Katawagan	<p>Kowd 2: UST</p> <p>Kowd 3: Horacio Castillo III</p> <p>Kowd 4: Manila Memorial Park</p> <p>Kowd 13: CAAP</p> <p>Kowd 16: Philippine Civil Aviation Regulations (PCAR)</p> <p>Kowd 19: PNP Chief</p> <p>Kowd 20: Dela Rosa</p> <p>Kowd 25: Metro Manila</p> <p>Kowd 29: National Capital Region Police Office o NCRPO</p> <p>Kowd 37: PMA Spokesman Lt. Col. Rey Balido</p> <p>Kowd 49: NCRPO Director, Chief Supt. Oscar Albayalde</p> <p>Kowd 50: Armed Forces of the Philippines (AFP)</p> <p>Kowd 53: Maritime Industry Authority (Marina)</p> <p>Kowd 54: Defense Secretary Delfin Lorenzana</p> <p>Kowd 57: Philippine National Police (PNP)</p> <p>Kowd 58: TRAIN (Tax Reform for Acceleration and Inclusion)</p> <p>Kowd 62: Bureau of Internal Revenue (BIR)</p> <p>Kowd 73: PNP Aviation Security Group Director, Chief Supt. Dionardo Carlos</p> <p>Kowd 76: Philippines General Hospital</p> <p>Kowd 78: dengue</p> <p>Kowd 86: Japan</p> <p>kowd 87: Philippine Overseas Employment Administration (POEA)</p> <p>kowd 88: Technical Internship Training Program (TITP)</p>	<p>Kowd 14: notice to airmen (NOTAM)</p>

Nakapagtalâ ng 94 na kowd sa pagsusuri ng *Pilipino Mirror*. 83 kowd o 88% ng kabuoang kowd ang nakasunod sa tuntunin habang habang 12 na kowd o 11% ng kabuoang kowd ang mali o hindi nakasunod sa tuntunin ng MMP. Kabilang sa mga maling baybay ang:

- baybay ng mga salitang ininspeksiyon (ininspeksiyon), inanunsyo (inanunsiyo), aksyon (aksiyon), at hurisdiksyon (hurisdiksiyon) dahil may mga nabuong kumpol-katinig dahil sa pag-alis ng unang patinig. Samantala, mali din ang baybay ng “nagmamatiyag” dahil dapat walang “i” sa pagitan ng /t/ at /y/.

- baybay ng “kumpara” na dapat ay “kompara” at “emosyunal” na dapat ay emosyonal.” Hindi dapat nagbabago ang O sa U sa mga salitang ito sapagakat wala namang nagbagong katinig sa loob ng salita.
- paggamit ng gitling sa “pag-patay” na dapat ay walang gitling.

Buod ng Pagsusuri sa Pagsulat ng Balita ng 6 na Tabloid batay sa MMP



Apat na kategorya ang laging nasusunod sapagkat nakakuha ng 100% , Kabilang dito ang:

- 1: pagbaybay na pasulat;
- 2: kasong kambal-patinig;
- 5: gamit ng “ng” at “nang”; at
- 8: pagsulat ng mga bilang

Apat na kategorya din ang mas madalas na sinusunod dahil nakakuha ang mga ito ng 83% sa 5 sa 6 na tabloid:

- 4: Palitang E/I at O/U;
- 6: Wastong Gamit ng Gitling;
- 9: Daglat, Inisyals, at Akronim
- 10: Mga Pangalan at Katawagan

Ang kategoryang (3) Kambal-katinig at Digrapong SK, ST, SH, KT; at (7) Mga Bantas naman ay nakakuha ng 50% o tatlong (3) tabloid

Lagom ng paraan ng pagsulat/pagbabaybay sa Filipino sa pagsulat ng balita sa tabloid batay sa mga tuntunin ng Manwal sa Masinop na Pagsulat

Mula sa mga natukoy na mga kowds o baybay na salita mula sa anim (6) na tabloids. Ang sumusunod ang naging paraan ng pagbabaybay o pag-iispel ng mga piling tabloid:

- a. Isinusulat ang hiram na salita sa baybay Filipino, maliban sa *imahe* na dapat ay *imahan*; at *hinostage* na maaaring gawing *binihag*.
- b. Pinanatili ang orihinal na anyo kung mahirap dagliang ireispel.
- c. Hindi binabago ang E patungong I kung nasa dulo ng salita at hinuhulapian
- d. Sa salitang “*istasyon*” naman na mula sa Español na “*estacion*” ay binago ang E sa unahan patungong I.
- e. Pinapalitan ng U ang O sa dulo sa ng salita kung hinuhulapian, maliban sa mga dobleng O.
- f. Pinapalitan ng U ang O kapag may nagbagong katinig sa loob ng salita, maliban sa mga salitang *emosyunal*, at *kumpara* na pinalitan bagaman walang nagbagong katinig.
- g. Pinapalitan ng U ang O sa mga salitang inuulit gaya ng *sunud-sunod* at *abug-abog*.
- h. Isinusulat ang salitang suspek (mula sa Ingles na suspect) sa Filipino na walang /t/ sa dulo.
- i. Isinusulat ang mga salitang may kambal-patinig sa paraan na hindi inaalís ang unang patinig sa kambal-patinig kung ito ay nasa unang pantig.
- j. Inaalís ang unang patinig kaya nakabubuo ng kumpol-katinig (consonant cluster) sa loob ng salita gaya ng *kontrobersyal*, *korapsyon*, *kontrobersiyal*, *ininspeksyon*, *inanunsyo*, *aksyon*, at *hurisdiksiyon*.
- k. Ginagamit ang “*nang*” para sa pagpapahayag ng paraan at panahon.
- l. Ginagamit ang gitling kung nilalapian ang salitang hiram na salita na pinanatili ang orihinal na anyo.
- m. Ginagamit ang gitling kung pinaghihiwalay ang katinig at patinig.
- n. Ginagamit ang gitling kung ginagamitan ng in figure na numero sa unahan ang salitang “*anyos*.”
- o. Ginagamit ang gitling para sa oras na kinakabitan ng salitang “*alas*.”
- p. Ginagamit ang gatlang em na may espasyo mula sa sinusundang pangungusap.
- q. Isinusulat ang bilang o halaga sa paraang panumero ang mga numerong higit sa sampu.
- r. Isinusulat ang mga pangngalang pantangi sa malalaking titik.

Ibig sabihin, ang mga ginagamit pa rin ng mga mamamahayag ang mga nakasanayang baybay ng mga salita sa Filipino gaya ng *imahe, sunud-sunod, abug-abog, kontrobersyal, korapsyon, kontrobersiyal, ininspeksyon, inanunsiyo, aksyon, hurisdiksiyon, istasyon*, at iba pa, kahit hindi ito nakaayon sa tuntunin sa MMP ng KWF. Gayunman, mapapansin na marami na rin sa mga praktika ng mga mamamahayag ang nakaayon sa tuntunin sa MMP. Sa pangkalahatan, lumitaw na halos lahat ng praktika sa pagsulat at pagbaybay sa Filipino ay naaayon sa tuntuning inirekomenda ng MMP ng KWF. Ngunit, may mga tuntunin sa MMP na hindi ganap na inaayunan ng mga natuklasang praktika, partikular dito ang tuntunin sa kambal-patinig hinggil pag-iwas na makabuo ng kumpol-katinig (consonant cluster); ang pagpapalit ng E sa I, at O sa U na hindi konsistent sa tuntunin; maging sa paggamit ng gitling, bagaman maraming paggamit ng mga mamamahayag ang umaayon, ngunit may konsistent na pagkakamali sa paggamit ang mga mamamahayag gaya ng “-anyos” na dapat ay walang gitling pero ang “de edad” at “de motor” ay dapat na may gitling.

Batayan ng kaalaman ng mga mamamahayag sa pagbabaybay o pagsusulat sa wikang Filipino ng mga balita tabloid

Malaking bahagi ng kaalaman ng mga mamamahayag hinggil sa paggamit ng Filipino sa pagsulat ng balita ay hindi nagmula sa anumang manwal gaya ng MMP ng KWF, bagkus mula ito sa kanilang mga natutuhan noong sila ay kumukuha pa ng programa sa komunikasyon at midya sa kolehiyo.

Dagdag pa, ang paraan ng pagsulat ng mga mamamahayag sa tabloid ay mula na sa kanilang mahabang karanasan sa pagsusulat sa Filipino. Isinasaalang-alang din nila ang kaalaman at pamilyaridad ng mga mambabasa sa pagpili at pagbaybay ng mga salita. Gayundin, nakadepende pa rin sa editor ang pagpapasya kung tatanggapin o hindi ang mga piniling baybay ng mga salita. Sa huli, bagaman hindi tuwirang sumasangguni sa MMP, naniniwala pa rin ang mga mamamahayag ng mga tabloid na kinakailangan magkaroon ng isang tuntuning dapat pagbatayan at sundin ng lahat ng manunulat nang sa gayo’y magkaroon ng kaisahan at estandardisadong pagsulat sa Filipino. Sa ganitong paraan mas lalong aantas ang kaalaman ng mga mambabasa lalo na ng mga mag-aaral sa wastong baybay at pagsulat sa wikang Filipino.

Malaking porsiyento ng pagbabaybay sa Filipino sa pagsulat ng balita ay naaayon sa tuntunin ng MMP. Malakas ang asersiyon ng popular media tulad ng social media at telebisyon sa pagkikintal ng pamilyaridad ng mga salita lalo na sa ispelang. Kung nakakasunod ang paraan ng pagbabaybay sa Filipino sa pagsulat ng balita sa tabloid ay tiyak na malaking tulong upang upang maisakatuparan ang estandardisasyon ng wikang

pambansa. Sa kabilang banda, kung hindi naman sang-ayon sa tuntunin ng MMP ng KWF ang paraan ng pagbabaybay ng mga tabloid sa pagsulat ng Filipino tiyak na kalituhan lamang ang magiging dulot nito sa mga mambabasa lalo na sa mga mag-aaral. Kung magkagayon man, tiyak na magiging atrasado ang wikang pambansa sa nilalayan na estandardisasyon ng wikang Filipino. Malaking hamon din ang kakaharapin ng wikang Filipino sa armonisasyon nito sa mga katutubong wika sa bansa.

Kongklusyon

Batay sa mga natuklasan sa isinagawang pag-aaral sa estruktura, anyo, at porma ng pagbabaybay sa Filipino sa pagsulat ng balita sa Tabloid, mas lamang na sumasangguni ang karamihan sa mga Tabloid sa umiiral na tuntunin pagbabaybay ng Komisyon sa Wikang Filipino. Bagaman hindi tuwirang sumasangguni ang mga mamamahayag sa MMP ng KWF, karamihan pa rin sa natuklasang praktika nila sa paggamit ng Filipino sa pagsulat ng balita ay umaayon sa tuntuning inirekomenda ng MMP ng KWF. Ang dalawang tuntunin sa MMP na hindi ganap na nasusunod ng mga mamamahayag o nagkakaroon ng di-konsistent na paggamit ay ang tuntunin sa diptonggo o kambal-patinig ng Filipino, at ang paggamit ng ng gitling.

Malaki ang impluwensiya ng pananaw at ideolohiya ng mamamahayag sa kaniyang paraan ng pagbabaybay sa Filipino gaya ng mga nabanggit nina Fairclough at Fowler hinggil sa iba't ibang posisyong ideolohikal at panlingguwistika,. Ganito rin ang lumitaw sa isinagawang panayam sa mga mamamahayag na ang kanilang batayan sa paggamit ng Filipino ay bunga ng kanilang natutuhan sa panahon ng kanilang pag-aaral sa programang midya at komunikasyon. Lumitaw rin na isinasaalang-alang ng mga mamamahayag sa kanilang paggamit ng Filipino ng pamilyaridad ng mga mambabasa sa mga baybay o salita. Batay rin sa inilatag na batayang konsepto ng pag-aaral, nakakaapekto rin sa huli ang estilong sinusunod ng publikasyon o ng punong editor ng publikasyon.

Kung babalikan ang mga nailahad ng artikulo at pag-aaral sa paggamit ng Filipino sa mga diyaryo, mapapansin na hanggang sa kasalukuyan ay nananatili pa rin ang maling paggamit at pagbaybay ng mga salita sa Filipino sa pamamahayag. Maaaring manipestasyon ito ng sitwasyon ng estandardisasyon ng Filipino na hindi pa rin naaabot lalo na sa dominyo ng mass media. Gaya ng mga inilahad sa ribyu ng mga kaugnay na literatura sa paraan ng paggamit ng wika sa midya na nakaaapekto ang mga maling gamit o baybay ng mga salita na ito sa esensiya ng balitang inilalahad, pang-unawa ng mga mambabasa, at sa intelektuwal at estandardisasyon ng mismong wikang ginagamit Gaya rin ng binanggit ni Kilates na ang simpleng pagkakamali sa mga baybay at gamit ng Filipino sa pagbabalita o sa peryodismo ay maaaring humantong sa masalimuot sitwasyon

ng paggamit ng wika. Ang pagiging malay ng mga tabloid sa pagsulat hindi lamang sa nilalaman ng balita kundi maging sa pagbabaybay ay may malaking ang implikasyon nito sa mga mambabasa ng tabloid sapagkat makapag-aambag ito upang higit na maging pamilyar ang mga mambabasa sa wastong pagbabaybay sa Filipino—na makatutulong naman sa pagsusulong ng estandardisadong paggamit ng wikang Filipino partikular sa pasulat na pamamaraan.

Rekomendasyon

Batay sa mga inilalahad na kongklusyon ng pag-aaral, iminumungkahi ng mananaliksik ang sumusunod:

1. Kailangang paigtingin ng Komisyon sa Wikang Filipino ang kampanya sa pagsunod sa istandard na tuntunin sa pagsulat ng Filipino na inilalahad sa MMP sa pamamagitan ng pagsasagawa ng regular na forum at seminar para sa mga mamamahayag at para sa mga editor para sa pagsasapanahaon ng kanilang kaalaman sa pagsulat sa Filipino. Gayundin, dapat na magkaroon ng negosasyon sa paggamit at pagbabaybay ng wika ang midya, akademikong institusyon, at KWF nang sa gayo'y magkaroon ng kolaboratibong pagtugon sa mga isyung kinakaharap ng wikang Filipino. Kung matutukoy ang midya, akademya at ahensiyang pangwika ang umiiral na kaalaman ng mga mambabasa sa pagbabaybay sa Filipino ay tiyak na mas makatutulong ito upang masolusyonan ang nagbabanggaan praktika at ideolohiya ng midya at akademya pagdating sa paggamit ng wikang Filipino.
2. Nararapat na isaalang-alang sa mga programa sa komunikasyon at midya sa mga paaralan/institusyon sa mga asignatura sa pagsulat ang mga pagtuturo at pagsasapanahon ng kaalaman sa Filipino hinggil sa paggamit o pagsunod sa tuntunin sa pagsulat sa Filipino upang magkaroon ng kaisahan at estandardisadong paggamit ng Filipino sa midya. Sa ganitong paraan, makakatulong ang midya sa mas lalong pagpapataas ng kaalaman ng mga mambabasa lalo na ng mga mag-aaral sa wastong baybay at pagsulat sa wikang Filipino.
3. Palaganapin ang mga istandard na tuntunin sa Filipino sa mga paaralan, unang-una sa mga guro at sa mga mag-aaral, dahil totoong dito nagmumula ang pinakapundasyong kaalaman ng mga mamamahayag.
4. Magsagawa pa ng pag-aaral kaugnay nito na maaaring nakatuon sa pag-alam sa antas ng kabatiran ng mga mamamahayag sa mga tuntunin sa MMP sa pagsulat sa Filipino. Maaari ding tingnan ang persepsiyon ng mga mambabasa ng mga diyaryo hinggil sa istandard na pagsulat sa Filipino.

- Arikan, Arda. Formalist (Linguistics) criticism in an English language teacher education program: The reward approach. *Iranian Journal Studies of Language Studies*. Iran, 2008.
- Bell, Allan. *News Language*. Auckland University of Technology, Auckland, New Zealand, 2006.
- Bird, S. E. "It makes sense to us: Cultural identity in local legends of place. *Journal of Contemporary Ethnography*." *Journal of Contemporary Ethnography*. Sage Publication, 2002.
- Bohm, Andres. (2004). "Theoretical Coding: Text Analysis in Grounded Theory. In U. Flick, E. Kardorff & I. Steinke (Eds.) *A Companion to Qualitative Research*. London: Sage Publications, 2004, mp. 270-275.
- Broersma, Marcel Jeroen. "Forms, Style and Journalistic Strategies. An introduction." *Form and Style in Journalism: European Newspapers and the Presentation of News, 1880-2005* (XXVI ed.) Leuven-Paris-Dudley, MA: Peeters. 2007, mp ix-xxix.
- Bueza, Michael. "Reporting in Filipino: Words that journalists often get wrong." 2014. <https://www.rappler.com/newsbreak/iq/71034-common-media-mistakes-filipino-kwf/>
- Creswell, J.W. *Qualitative inquiry, and research design: Choosing among five approaches* (2nd ed.). Thousand Oaks, CA: Sage, 2007.
- Danesi, Manuel. *Understanding Media Semiotics*. New York, USA: Oxford University Press Inc., 2002, mp. 71.
- Doplón, Frances Paola. "Code-Sitching in Philippine Tabloids: Subsistence and Resistance in a Post-Colonial Society." Ateneo de Manila University, 2007.
- Fairclough, Norman. *Critical discourse analysis: the critical study of language*. London: Longman, 1995.
- Feliciano, Gloria. "Toward an Effective Medium of Communication for the Filipino Masses, 1970.
- Florendo, M., et.al. *The Influence of Design, Layout and Typography of Selected Broadsheets to the Readers' Interest and Level of News Patronage*. Polytechnic University of the Philippines, 2003.
- Fowler, Roger. *Language in the News: Discourse and Ideology in the Press*. London: Routledge, 1991.
- Hout, Tom Van, et al. "Mediatization and the Language of Journalism." 2015. <http://creativecommons.org/licenses/by-nd/4.0/>
- Ilaó, Jose.P. et al. "Bantya-Wika: towards a better understanding of the dynamics of Filipino culture and linguistic change." *Proceedings of the 9th Workshop on Asian Language Resources*, Chiang Mai, Thailand, November 12-13, 2011, mp 10-17.
- Kilates, Marne "Confused use of Filipino in media perpetuates errors." *Philippine DailyInquirer*, 2013. <http://www.rappler.com/newsbreak/iq/71034-common-media-mistakes-filipino-kwf> accessed 2 March 2017
- Komisyon sa Wikang Filipino. *Manwal sa Masinop na Pagsulat*. Punong editor Virgilio S. Almario. Manila: Komisyon sa Wikang Filipino, 2014.
- Lee, R., et al. (2016). Exploring the relationship between language and design: a study of Hong Kong newspapers. *Visible Language*, Tomo 50 Isyu 2, 2016, mp. 127-149. <http://centaur.reading.ac.uk/66033/>
- Mc Mane, Aralynn. A. "Newspaper in Education and Building Democratic Citizens." 2001. <http://hrcak.srce.hr/file/41592>

- Morrow, Paul. "Speaking Proper Filipino" *Pilipino Express*, 2013. <http://www.pilipino-express.com/history-a-culture/in-other-words/2009-speaking-proper-filipino.html> accessed 2 March 2017
- Onwubiko, P.C. Using newspapers to satisfy the information needs of readers at Abia State University Library, Uturu. *African Journal of Education and Information Management*, 7 (2), 2005, pp. 66-8.
- Pandey, E. A. The Role of newspaper in the Society. 2010. <http://www.indiastudychannel.com/resources/112265-The-Role-Newspapers-society.aspx>
- Peralta, R. Content Analysis of the Student Publications of the Catholic High schools in the Diocese of Bangued, Abra, Philippines. Institute for Tourism Studies (IFT), Macau, 2014.
- Pisarek, Warley. (1983). "Reality East and West." Language, Image, Media ed Davis Howard & Paul Walton. Great Britain: Basil Blackwell, 1983.
- Reah, Danuta. *The Language of Newspapers*. London: Routledge, 1998. https://books.google.com/books/about/The_Language_of_Newspapers.html?id=egyDP6iXJjsC. Accessed 5 Aug. 2020
- Reyes, Juliana. "Secrets of Tagalog Headlines Revealed!: An Examination of Tagalog headline grammar." 2010.
- Saldaña, Johnny. "The Coding Manual for Qualitative Researchers." Thousand Oaks, California: SAGE Publications Inc., 2009.
- Strauss, A. and Corbin, J. "Grounded Theory Research: Procedures, Canons, and Evaluative Criteria." *Qualitative Sociology* blg, 1 Tomo 13, 1990.
- Tuazon, Ramon. *The Print Media: A Tradition of Freedom*, 2017. <http://ncca.gov.ph/subcommissions/subcommission-on-cultural-disseminationscd/communication/the-print-media-a-tradition-of-freedom/> accessed 1 March 2017
- Ugah, D. A. Strategies for preservation and increased access to newspaper in Nigerian University libraries: In library philosophy and practice, Michael Okpara University of Agriculture, Umuahia, 2009. <http://unllib.unl.edu/LPP/ugah7.htm>
- Van Dijk, Teun A. *News Analysis*. Hillsdale, New Jersey: Lawrence Erlbaum Associates, 1988.

TUNGKOL SA AWTOR

Si **G. Jay-Mar G. Luza** ay kasalukuyang dalubguro sa Filipino sa Bulacan State University at nagsisilbing Campus Research and Development Unit Head ng Hagonoy Campus. Siya ay nagtapos ng programang Batsilyer ng Artes sa Filipinolohiya at Master in Communication sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas. Naging guro sa iba't ibang unibersidad at kolehiyo sa Kamaynilaan tulad gn Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas, Pamantasan Lungsod ng Marikina, Mapua University, at Far Eastern University Institute of Technology. Siya ay dating mananaliksik-wika mula taong 2014–2019 ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF). Ilan sa mga proyektong kinabilangan niya ay ang proyekto tulad ng Dokumentasyon ng mga Nanganganib na Wika, Atlas ng mga Wika ng Filipinas, at ibang pananaliksik sa wika. Bukod sa gawaing saliksik, naging project manager din siya ng pinakamalaking proyekto ng KWF noong 2018 na Lingguwistikong Etnograpiya ng Filipinas. Nakatuon ang kaniyang interes sa mga pananaliksik pangwika at pangkultura.